# KABANATA 3:
# Ang Pagkakakilanlang Heograpikal ng Pilipinas

Natutuhan mo sa mga naunang kabanata ang kahalagahan ng kinalalagyan o lokasyon ng isang bansa. Ang kinalalagyan ng isang lugar ay isang mahalagang salik kung anong uri ng klima at panahon ang nararanasan dito. Ang kinaroroonan ng isang lugar ay may kinalaman din sa mga anyong lupa at anyong tubig na mayroon ito.

Ang kinalalagyan ba ng Pilipinas ay nakatutulong upang magkaroon ng magandang klima at panahon ang bansa? Sasagutin natin ang tanong na ito sa kabanatang ito.

## SUBUKIN NATIN

Panuto: Basahin ang tanong sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Anong uri ng heograpiya ang tumutukoy sa klima, panahon, anyong lupa, at anyong tubig ng isang lugar?
   A. pisikal
   B. pantao
   C. pandaigdig
   D. pangkalikasan

2. Ano ang tawag sa pangmatagalang kalagayan ng panahon sa isang partikular na lugar?
   A. klima
   B. panahon
   C. atmospera
   D. temperatura



LIVEWORKSHEETS

3. Ano ang tawag sa kalagayan ng atmospera, kabilang ang temperatura at presyon nito, hangin, halumigmig, at pag-ulan?
   A. bagyo
   B. klima
   C. panahon
   D. tsunami

4. Ano ang tawag sa malawakang sistema ng panahon na nagdadala ng malakas na hangin at mabigat na buhos ng ulan?
   A. bagyo
   B. klima
   C. panahon
   D. temperatura

5. Anong uri ng klima ang nararanasan sa Pilipinas?
   A. *equatorial*
   B. polar
   C. *temperate*
   D. tropikal

6. Anong direksiyon ng hangin ang nagmumula sa hilagang-silangan na malamig at nararanasan sa bansa mula buwan ng Oktubre hanggang Pebrero?
   A. hanging amihan
   B. hanging habagat
   C. *monsoon wind*
   D. *trade wind*

7. Anong direksiyon ng hangin ang nagmumula sa timog-kanluran na mainit at nararanasan sa bansa mula Hunyo hanggang Setyembre?
   A. hanging amihan
   B. hanging habagat
   C. *monsoon wind*
   D. *trade wind*

8. Ano ang pinakamataas na anyong lupa na nakaumbok sa patag na kapaligiran?
   A. bulkan
   B. bundok
   C. burol
   D. talampas

9. Alin sa mga sumusunod na anyong tubig ang pinakamalawak, pinakamalaki, at pinakamalalim?
   A. dagat
   B. ilog
   C. karagatan
   D. lawa



LIVEWORKSHEETS

10. Ano ang tawag sa kabuoang bilang o dami ng mga taong nakatira sa isang bayan o pamayanan?
    A. *census*
    B. demograpiya
    C. populasyon
    D. topograpiya

11. Alin sa mga sumusunod ang opisyal na proseso ng pagbilang ng dami ng tao sa isang lugar?
    A. *census*
    B. paglilista
    C. sona
    D. *survey*

12. Batay sa pinakahuling *census* noong taong 2020, gaano na karami ang bilang ng mga Pilipinong naninirahan sa bansa?
    A. 105 milyon
    B. 107 milyon
    C. 109 milyon
    D. 111 milyon

13. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa pangkat ng mga tao sa isang bansa na may magkakaparehong wika, kultura, paniniwala, at etnisidad o pagkakakilanlan?
    A. katutubo
    B. mamamayan
    C. magkababayan
    D. etnolingguwistiko

14. Anong pangkat ang tumutukoy sa kolektibong pangalan ng walong pangkat-etnikong kinabibilangan ng Iraya, Alangan, Tadyawan, Tau-bid, Bangon, Buhid, Hanunuo, at Ratagnon?
    A. Aeta
    B. Bikolano
    C. Mangyan
    D. Tagalog

15. Anong pangkat ang naninirahan sa mga isla ng Samar at Leyte na kilala sa paghahabi ng sombrero at banig na gawa sa buri o tikug?
    A. Waray
    B. Badjao
    C. Ilonggo
    D. Maguindanaon



LIVEWORKSHEETS